CHEATIN' CHARLEY COUGAR MYSTERY FILE #4

# Commission IMPOSSIBLE

ROSE TAN

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Cheatin' Charley Cougar Mystery File #4: Commission Impossible**

Copyright © 2025 by Rose Tan

Book production by
Whimsical Books Ph
Visit their online store
for printed copies.

Edited by JC Delos Reyes

First Digital Edition

# *Chapter 1*

NAGHINUKO NA SI DALEN @ERMATS?

Sent to GC named, MAGANDANG LAHI. Family bam ko sa Messenger. Para kay mudrakels ang chat ko dahil siya ang updated sa mga relative namin. Kay Mudra na tsinismis ako sa mga kapatid ko sa GC noong bagong tatag ang Magandang Lahi. Shunga lang. LOL. `Tapos, sinita ni sister bear, sa GC rin, as in, ANDITO SI ATE, MA, DELETE MO `YAN. As if hindi ko na-

All rights reserved

seen ang kashungahan nilang dalawa. Hindi ko na inaway, wala ako sa mood that time, kapipigtas lang ng tuyot na pusod ni Goyo. I was too excited to be offended. Pero ini-screen shot ko bago nila na-delete, in case mag-agawan kami sa lupa in the future.

Minsan lang naman ako tsumika sa GC namin, kapag importanteng-importante lang.

Tulad ng paghihinuko ni Dalen.

Nagsulputan sa ilalim ng message ko ang mga nakabasa, pero walang sumagot. So typical, my family bam is. You are seen but seldom acknowledged. Lalo na kung may malaking issue ka na kinasangkutan at hindi nila alam kung kakampihan ka o itatakwil.

Inaway ko si Dalen kamakalawa.

Well, “inaway” was putting it mildly. Ang totoo ay nag-amok ako at kamuntik nang ma-ospital si Dalen. Kinaladkad ko sa buhok ang mahadera mula sa buffet table hanggang sa photo booth.

Binyag ni Kyle McLaren Panopio ang okasyon, apo ko sa pinsan. Imagine that. I have a grandson via first cousin Jennifer. Sa isang maliit na resort idinaos ang binyagan. Hitik sa asul na lobo at Spiderman ang venue. Excited ako na irampa si Goyo. Cute na cute ang anak ko sa OOTD niyang pang-congressman: pulang polo shirt na Lacoste. Aba, original. Bibili ba naman si Greg ng japeyk para kanyang unico? Never. `Tapos baby jeans by Ralph Lauren at Hush Puppies na ankle boots—na malaki pa kay Goyo pero keri

All rights reserved

na.

Bago ko pa matikman ang lumpia, amoy laway na si Goyo. Lahat na lang ng bumati sa amin, nilalawayan siya sa braso. Puwera usog. Napipikon na ako. Gaano karaming mikrobyo na ang nasagap ni Goyo sa mga laway nila? Kandapunas ako ng antibac wipes sa braso ng anak ko kada may lalaway. Napipikon na sila sa akin.

Note to self: Spiderman costume na lang ang isusuot ng anak ko kapag a-attend ng binyagan, bertdeyan, etcetera. With mask. Para laway-proof.

But other than the laway issue, all was well. Nakakain na ako, pero kaunti lang. Hindi masarap ang luto. Lanta na ang lechon at pagkakunat na ng balat, masyadong matamis ang afritada,

pagkaalat ng adobo, tinipid sa cream ang pasta alfredo, matigas at dry na ang fried chicken.

Kaya balak ko na lang magpakabusog sa dessert. Kumukuha ako ng nata de coco at macapuno combo nang marinig ko ang boses ni second-cousin Dalen. Nasa main buffet table siya, humihirit pa ng afritada sa tagasilbi, may kausap na aleng naka-peasant dress na animal print. Magarbo ang manggas, may ruffles sa laylayan, de-tali-tali sa likod at leeg. Puting-puti ang rubber shoes na platform.

Kung si Heidi Klum ang may suot niyon, hindi ko iba-bash. Pero iyong kausap ni Dalen, *juskoporudeh*. Madam Auring na kilay, tsek; Imelda Papin hairstyle, tsek; Dennis Padilla figure,

All rights reserved

tsek na tsek. Kaedad ni Dalen na mas matanda sa akin ng five years. Hindi ko siya pagsasawaang i-bash, lalo na at siya ang nag-video at nagkalat ng mga sumunod na eksena:

Hindi si Heidi Klum: Suwerte pa rin naman kahit hindi pinakasalan. Mayaman ang ama.

Dalen: Hoy, ano ka, may chance pang mapakasalan.

Hindi si Heidi Klum: `Di nga?

Dalen: `Di mo alam?

Hindi si Heidi Klum Ang ano?

Dalen: `Yong asawa, may kanser, kini-chemo ngayon.

Hindi si Heidi Klum: Ha?! Kawawa naman. Sure ka?

Dalen: `Pag natuluyan `yon, naku, donya!

All rights reserved

Siniko niya pa si Hindi si Heidi Klum.

Nagdilim ang paningin ko. Isinalpak ko si Goyo kay Mona at nilusob ko si Dalen. Walang imik-imik, dinakot ko ang buhok at hinila ko. Ang balak ko ay ilublob sa swimming pool pero madaming Nakahara kaya doon kami sa may photo booth napadpad. Doon na rin ako naawat ng madlang pipol.

Bakit daw. Ano raw ang kasalanan ni Dalen.

Hindi ako nagpaliwanag. Hindi ko kaya. Nangangatal ang buo kong katawan. Dumeretso na ako sa parking lot pagkabitaw ko sa buhok ni Dalen. Sumakay ako sa kotse. Mayamaya, sumakay na rin sina Mona at Goyo.

“Ano’ng nangyari, ate?” tanong ni

All rights reserved

Mona.

Hindi ako sumagot. Nag-iiyak na lang ako. Hindi ba naiisip ni Dalen at ng mga kagaya niyang mahadera kung gaano kasakit sa akin ang pinagdadaanan nina Tess at Greg sa kasalukuyan? Bakit kung pag-usapan nila ang sitwasyon, parang walang kabagay-bagay? Isang sitwasyon iyon na hindi ko hihilingin na danasin kahit ng pinakamatalik kong kaaway. Kahit kay Dalen mismo. Pero ginagawa nilang libangan lang ang pag-uusap tungkol doon; pinag-uusapan nila nang puno ng malisya.

Totoo na pupuwedeng mamatay si Tess, pero ang isipin na ikasisiya ko iyon? Napakasama ng ugali ni Dalen. Gusto ko pa siyang balikan at

ingudngod sa semento. Napakahayup, napakawalanghiya. Itinakwil ko na si Dalen bilang kamag-anak simula sa mga oras na iyon.

Pero kailangan kong malaman kung naghinuko na siya.

Dahil panay kalmot niya ang ibabaw ng kamay ko. Hanggang sa kasalukuyan, galos-galos pa rin ako. Pati kuko ni Dalen, makamandag. At kapag may nangyari sa kanya, halimbawa ay natagpuang walang buhay sa isang eskinita, tiyak na ako ang suspect. Nasa mga kuko niya ang DNA ko. Kaya kahit kasumpa-sumpa si Dalen, knock on wood pa rin ako na sana ay walang mangyari sa kanya na masama.

Anyways, nag-trending ako nang

All rights reserved

kaunti nang hapon ding iyon. Kaunti lang dahil "violent content," tinanggal ng algorithm sa social media. Buti nga. Still, napanood ng mga kababayan ko ang video na in-upload ni Hindi si Heidi Klum. Isa pang dahilan kaya hindi masyadong kumalat, wala akong sinabi sa eksena. Hindi ako nagmura. Nanabunot lang ako at nangaladkad. Painosente naman ang drama ni Dalen, hindi raw niya alam kung bakit siya sinabunutan. Eh, di move on ang netizens na mga malisyosa lang pero walang critical thinking abilities.

Ipaliwanag ko raw ang side ko, payo ng friends and family bam. Wala akong balak. Kapag nagsalita pa ako, sina Greg at Tess ang unang-unang maaapektuhan. Hindi nila kailangan ng

ganoong issue. Pinakamainam ay manahimik.

Sa tuwing maaalala ko ang mga sinabi ni Dalen, nangangatal pa rin ako sa galit. Malaman-laman ko lang na nagpa-manicure na siya, idadalangin ko talagang masagasaan siya ng kalawanging jeep o ma-rape siya ng adik, lintik siya.

Tumunog ang cell phone ko. Si Ben ang caller.

"Tawag ka nang tawag, para kang jowa," sagot ko.

Ang lutong ng halakhak niya. "Wala akong magawa, hindi ako makatulog. Umaga naman d'yan kaya ikaw na lang ang aabalahin ko."

"Kailan ka uuwi?" tanong ko. Nasa US of A ang tinamaan ng good genes.

All rights reserved

Ipinadala ng NBI sa FBI para mag-seminar tungkol sa child-trafficking. Nakaka-depress daw ang mga kaganapan sa mundong ibabaw, sumbong sa akin noong isang araw. Binigyan ako ng tips kung paano protektahan si Goyo laban sa mga pedophile.

"Susunduin mo `ko?" aniya.

"Aba, hindi. Mema lang ako."

"Thursday pauwi na kami," sabi.

"Pasalubong namin ha."

"Ano nga uli bilin mo?"

"Wala akong bilin, tanga."

"Meron."

"Mag-ingat ka?"

He chuckled. "Jowain mo na kasi ako."

"Bata ka pa, unahin mo ang career,"

`kako.

“Kumusta si Boy Henyo?”

Ako naman ang natawa. Kung mag-segue si Ben, parang drayber na binuhusan ng naglalagablab na kape habang papaliko. Hindi siguro segue ang tawag kapag ganoon ka-abrupt.

“`Wag ko raw lagyan ng label sabi ng psychologist niya.” Naibalita ko na kay Ben noong isang araw na papunta kami sa psychologist na nirekomenda no’ng educational psychologist. Juskoh, hindi pa man one year old ang anak ko, namamakyaw na ng psychologists.

“Bakit daw?”

“Hindi raw maganda sa mental health ang label, saka uusyusuhin ng mga tao si Goyo. Kaya officially, hindi siya genius or gifted, baby lang.”

"Bawal tawaging Boy Henyo?" seryosong tanong ni Ben.

"Hindi naman. As long as pet name lang `yon, kumbaga. Okay lang ang pet names basta hindi offensive at embarrassing."

"Paano `pag nag-aral? Saka by next year, t'yak na mahahalata na ng mga tao na mas matalino pa siya kay Einstein," sabi ni Ben.

Off the charts ang resulta ng test na ibinigay ng educational psychologist kay Goyo. Bayley-4 ang tawag sa test. Sinuri kung cognitive ang anak ko, kung language receptive, kung social-emotional adaptive. Pati motor skills. Sa bawat criteria for judging, one forty-five ang standard score. Ang mga score ni Goyo, one thirty-eight ang average.

Ang katumbas, ninety-nine point nine percent.

Uulitin ni Goyo ang test. Duda ang doktora, baka nandaya ang anak ko. O kaya, nakakuha ng leakage. Tawang-tawa si Greg nang ikuwento ko iyon. Genuine laugh na bihira mo nang maririnig kay Gregorio these days. At least, capable pa siyang makaramdam ng real joy pagdating sa anak niya.

"Bahala ang psychologist sa aming mag-ina," sagot ko kay Ben.

"`Hirap din pala `pag sobrang talino ng anak," sabi ni Ben. "Bukas, may speaker na child psychologist sa seminar, kausapin ko nga."

"Sige pero `wag mong sabihin pangalan namin. Baka kidnapin ng FBI ang anak ko, utusan nilang gumawa ng

nuclear bomb."

Nagtawanan kami at gumawa pa ng mga scenario na mala-X-Files bago naghikab si Ben. Handa na raw siyang matulog.

"Sweet dreams," `kako.

Sinilip ko naman sa kuwarto niya si Goyo. Tulog na tulog, may sweet dreams na nagaganap sa utak. Malikot ang mga mata sa ilalim ng talukap, kumikibot-kibot ang labi. Tinabihan ko sa mattress, hinaplos ko ang noo. Napakainosente. Napakabango. Pero nai-imagine ko ang mga neurons niya sa utak, abalang-abala, nagkikislapan.

Hindi ko pa sinasabi kay Greg dahil tiyak na mag-aalala iyon. Sinabihan din ako ng child psychologist na kumunsulta sa neurologist.

All rights reserved

Kumunsulta kami kahapon. Sinabihan ako na ipa-CT scan si Goyo, o kaya ay MRI. Para daw masigurong walang abnormal sa utak ng anak ko, gaya ng tumor or whatever.

Ninenerbiyos ako, sa totoo lang. What if tumor or growth sa hypothalamus, pituitary gland, o kung saan man ang rason kung bakit rapid ang brain development ni Goyo? Sa sobrang takot ko, hindi ko maipagsabi kahit kay Lacey.

Hinalikan ko sa sentido si Goyo. "Sana nga normal na genius ka lang, anak."

Bumulong si Goyo. "Mum-mum."

Nag-ping ang notification sa phone ko. Sinilip ko lang. Wala akong balak buksan, pero iyong app ng school ang

nag-notify kaya bumangon ako para mabasa ko nang maige ang message.

Nire-request daw ang presensiya ko sa Assistant Principal's Office bukas, alas-dies ng umaga, regarding an incident that involved my daughter. Hindi ako masyadong bothered. Minsan at kadalasan, OA ang school. Takot na takot ang management na may masabi ang parents kaya kada kibot, pinapatawag ang magulang. That way, hindi nga naman sila maaakusahan na nagpabaya. Play safe masyado, politically correct. Kaloka.

I was all for wokeness, pero kung nakakasagabal naman sa self-discovery, critical thinking, at development ng moral compass ng isang bata, I'd stick to what I learned from my parents, peers,

All rights reserved

and experiences.

Nag-chat na lang ako kay Lacey. SINO NA NAMAN SINAKTAN MO JAN SA SKUL?

Hindi na ako naghintay ng reply dahil alam ko naman na nasa klase si Lacey, hindi pa talaga iyon makakasagot. Isa pa ay gising na si Goyo. No crying, nakadilat lang lang, nakangiti sa akin habang unti-unting nababasa ang gauze lampin na ipinatong ko sa pototoy niya. Sa parteng iyon ng parenting, mga Badjao lang siguro ang a-agree sa akin. Hindi nagda-diaper si Goyo kung hindi kailangan. Lampin lang at absorbent pad sa puwitan. Okay na sa akin ang lampin lang na isinalpak sa ibabaw ng pototoy. Hindi naman malikot matulog si Goyo,

nakatihaya lang at nakabukaka. Kapag umiihi, tumitigas ang pototoy, pataas ang labas ng ihi kadalasan kaya nasasalo na ng lampin.

Kinarga ko si Goyo at ibinigay ko kay Mona ang basang lampin. Kukusutin na niya iyon sa dishwashing soap, `tapos isasabit sa pinakamainit na parte ng bakuran. Kapag tinamaan iyon ng sangkaterbang UV rays, ewan kung may mabuhay pang mikrobyo. At FYI, dishwashing soap din ang ginagamit ng mga surgeon na panghugas ng mga kamay nila before and after procedures.

Pero siyempre, nagagawa ko ang mga ka-Badjao-wan ko dahil stay-at-home mommy ako. Iyong mga working moms, bahala sila sa diskarte nila.

“Ano’ng lulutuin ko, ate?” tanong ni

Mona pagkalaba ng lampin, hawak-hawak pa niya.

"Corned beef na lang, `tapos iinit mo mga tira. Sandwich lang ako," `kako. Dinala ko sa balkonahe si Goyo. Isinampay naman ni Mona sa labas ang lampin, ipinasok iyong mga tuyo na. Tumawag din ang Neuro ni Goyo, kinumpirma ang appointment ng anak ko sa CT scan. Alas-dies din ng umaga bukas. Nag-message ako sa app ng school. After lunch `kako ako makakapunta dahil sa doctor's appointment.

Mayamaya pa ay humahalimuyak na ang ginisang corned beef. Nagpa-toast ako ng tinapay at nagpatimpla ng calamansi juice. Hindi ako diet or whatever, iyon lang talaga ang trip kong

kainin—toasted bread na may palamang corned beef. Habang kumakain ako sa balkonahe, nasa walker si Goyo, hinahampas ang mga kumakalansing sa walker niya, parang sinasabing, "ayoko na nito!" Bored si Boy Henyo sa mga eme na pang-baby. Ibibili ko na ba ng microscope?

Nagsimula nang umatungal ang bagets. Inagapan ko, iniabot ko ang selpon ko. Tumahimik agad. Lumapit sa akin, nakataas ang selpon.

"Bakit?" `kako.

"Mah-mah!" Kandatiyad si Goyo, parang gustong ihampas sa mukha ko ang selpon.

"Ano nga? Hindi puwedeng buksan, baby ka pa. Pagtiyagaan mo `yang wallpaper ko."

All rights reserved

Tinitigan ni Goyo ang selpon, Binali-baligtad, natuluan ng laway at lahat-lahat hanggang iniharap uli sa akin. “Mah-mah!” sabi.

“Ano?” At sumindi ang selpon. Nakilala ang pagmumukha ko.

Napanganga na lang ako. Alam ni Goyo na kailangan ang pagmumukha ko para mabuksan ang selpon. Nang mabuksan iyon ay pinasibad na palayo ang walker.

“Goyo! Akina `yan! Give Mama! Lintik ka!”

Dead-ma si Boy Henyo, hitsurang pumipili ng app na dudutdutin. Pagsilip ko sa selpon, calculator ang nakabukas. Natsambahan o kilala talaga niya ang icon ng calculator? Dahil madalas ay kandong ko siya kapag nagkukuwenta

ako ng mga ginastos, ginagastos, at gagastusin. Baka kaya nagligalig noong isang araw, nagalit nang i-calcu ko pa ang thirty-seven plus eighteen pesos?

"Pucha ka… one plus one?" `kako na lang.

"Tu!" sagot ng henyo.

"Mali! Magellan!" Baka sakaling maging bobo nang kaunti. "Two plus two, bapor."

"Poh!" sagot uli ni Goyo. Hindi ko alam kung utal lang sa bapor o four ang sinabi. Ang sakit sa bangs ng anak ko.

Wala akong kamalay-malay na nagsimula na ang mga pangyayaring mas masakit sa bangs.

All rights reserved

# *Chapter 2*

TIMES like these, mapapatanong ka sa sarili mo, *Bakit hindi ako nagdoktor*? Imbes na nag-asawa ako, sana ay iginapang ko na lang ang sarili ko sa med school. De sana ay alam ko kung paano basahin ang CT scan images ng utak ni Goyo at may ideya na ako maski paano kung may tumor ba ang anak ko, o blood clot, o whatever.

Pero hindi ko kayang baguhin ang nakaraan kaya ibinalik ko na sa envelope ang mga plates at kinarga si

Goyo papunta sa kabilang wing ng ospital. Isa-submit ko sa Neuro ang plates, pagkatapos ay hihintayin ko na lang ang tawag niya. Hindi ba alam ng mga doktor kung gaano ka-stressful ang ganoong sistema? Dapat may instant interpretation of test results para hindi nababaliw ang mga tao sa paghihintay.

Siyempre, wala sa office niya ang Neuro, sekretarya ang tumanggap ng plates ni Goyo. Someday soon, sabi doon sa docu ng National Geographic, parang ATM na lang ang medical tests. May mga machine na kung saan-saan, cardless pa. I-scan lang ang retina mo or palm print, makikilala ka na ng machine, hahalukayin ang entire medical history mo, ikukumpara sa resulta ng tests na ipapagawa mo sa

machine, at bibigyan ka ng interpretation, suggestions, reseta. At kung emergency case ka na pala, `yong machine na rin ang tatawag ng ambulansiya para sa iyo. No more waiting at the doctor's office. Kung gusto mo ng second opinion, de lipat ka sa ibang machine.

Karga ko pa rin si Goyo pagbaba namin sa parking lot. Siyempre, hindi pa naglalakad ang henyo. At for me, as a Badjao mommy, mas maige pang magkarga ng anak kaysa magbaon ng stroller. Stroller was another weight I would have to carry if Goyo refused to use it, or kung halimbawang mapapasuot kami sa lugar na walang gugulungan ang stroller. Madodoble pa ang karga ko. Hindi na rin ako

gumagamit no'ng baby harness thingy na isinusuot. Feeling ko ay hindi komportable si Goyo doon at nahuhukot ang balikat ko, masakit afterwards.

Isinalpak ko si Goyo sa car seat niya at lumarga na kami pabalik sa Castillas para naman sa school appointment. Ang daming issue ng mga bagets, kaka-stress. Kailangan ko nang mag-lunch dahil alas-dose na pero hindi ako nagugutom kahit isang pandesal at kape lang ang almusal ko. Kabaligtaran ako ng stress eaters, hindi ako makakain kapag stressful ang buhay-buhay. Puno ng anxiety ang sikmura ko.

Hindi nagbigay ng oras ang sekretarya ng Neuro kung kailan iyon tatawag. Hindi daw talaga niya masabi.

Depende raw kay Doc. Piniktyuran ko naman ang plates. Kaya kayang i-interpret iyon ni ChatGPT? Paano ba? Hindi ko pa sinasabi kay Lacey dahil gusto kong sarilinin ang anxiety.

Speaking of Lacey, ang sabi sa akin kagabi, pinagbintangan daw siyang bad influence ng nanay niyong transferee. Sinong transferee? Si Dylan daw. Bakit noon lang niya nabanggit ang tungkol kay Dylan, nangangalahati na ang school year? She didn't think it was important daw. `Kako ay patingin ng picture ni Dylan kung mayroon siya. Napilitang maghalwat sa phone.

Aba, jusko. Tall, athletic, at mestizo si Dylan Sumulong. Parang bagets at modern version ni Freddie Webb pero hindi kamukha ni Hubert. At may

something sa pananalita at kilos ni Lacey habang ini-interrogate ko tungkol kay Dylan; something na nagsasabing crush ni Stepdaughter ang binatang tisoy.

Masyado raw mahigpit ang nanay ni Dylan. Possessive, obsessive, intrusive.

Pinakialaman daw ang cell phone ni Dylan kaya nabasa ang convo ng dalawa. May nasabi daw si Lacey sa convo na anti-nanay. Something along the lines of, "your mom doesn't respect you."

Duda ako na "pinakialaman" ng nanay ang selpon ni Dylan. Dahil ako, hindi ko kayang basahin ang mga nilalaman ng selpon ni Lacey dahil hindi ko alam ang password. Sinong bagets ang hindi nagpa-password?

All rights reserved

Kutob ko, alam talaga ng nanay ang password. Baka required si Dylan na ibigay iyon sa nanay niya, o kaya ay from coercion. Meaning, invasive specie nga ang nanay.

Single mom daw iyon, hiwalay na sa asawa or whatever. Varsity daw ng basketball si Dylan pero kailangang ma-maintain ang grades at medyo sumasablay sa English, kaya in-assign ng adviser si Lacey bilang tutor ni Dylan.

In-assign o nagprisinta si Stepdaughter? Hindi ko tinanong at halata kong secretive pagdating kay Dylan. Malalaman ko rin naman eventually. Besides, importante ba iyon?

HINDI naman ako na-orient na mukhang supermodel of the entire universe ang nanay ni Dylan. I wouldn't even call her "nanay." Hindi mukhang nanay, mudrakels, ermats. Mukha siyang Barbie doll. Dark brown na very long, very straight, very shiny ang buhok. Squarish ang korte ng mukha kaya pang-Tiktok ang jawline at cheekbones. Maliit at straight ang ilong, may highlight sa dulo kaya button nose. Nakasuklay ang kilay, kitang-kita ang mga hibla as per Tiktok standards. Full lips. Naka-veneer ang mga ngipin na pagkaputi, pagkalaki. Nakahikaw na pauso ni Bulgari, bilog na onyx sa loob ng white gold... baka Bulgari talaga, hindi ko lang maaninag ang hieroglyphics sa white gold.

Parang a-attend ng PTA meeting sa Brent ang outfit. *Hello, Jinkeeh. How's Maneeh*? Naka-wide leg jeans, puting man's polo, at beaded and bejeweled na flat square-toed slip-ons. Ang shookt sa lahat, naka-tuck in! Ang liit ng baywang, mabilog ang balakang. Ang height, five-eight yata.

Nakakuwintas na layered—perlas at kung anu-ano pa. Ang relos ay napapaligiran ng brillantitos ang mukha. May tatlong singsing sa kanang kamay, dalawa sa kaliwa. Humahalimuyak ang pabangong hindi Avon, malamang. Dewy ang kutis.

*Pagkarikit, ah*.

Para akong sinampal ng kapangitan. Nakapolo rin ako na panlalaki pero light blue, hindi puti. Lalong hindi

All rights reserved

naka-tuck in, nakapatong lang sa aking leggings para itago ang katotohanan na waley akong balakang. Nakatali ang buhok ko pero nag-iigkasan na ang tutsang dahil sinabunutan ako ni Goyo habang naglalakad kami papuntang AP office. And, yup, si Goyo ang tangi kong accessory.

Ipinakilala kami ng assistant principal bilang Mommy Charley and Mommy Audra.

Mommy Audra. Pati pangalan, soshal. Friendly naman siya at mukhang gracious. Nginitian ako, kinamayan, at binati si Goyo pero hindi nilawayan.

"Hello, baby. You're so cute," sabi lang.

Ako namang plastic, "Thank you po.

All rights reserved

Say hi, Goyo."

Nakalimutan kong henyo ang anak ko.

"Hi!" sabi ni Goyo, nginitian si Mommy Audra.

Pati `yong AP, napatutop sa bibig.

"He's talking!" bulalas ni Mommy Audra. "Oh, my God!"

"Tsamba lang," `kako. Hinarap ko na ang AP. "Ano po ang problema, ma'am?"

"Ah, si Mommy Audra na po ang magpapaliwanag. Gusto ko lang magkausap kayo dito at magkapaliwanagan. Pareho namang mabait ang mga anak n'yo, kung ako ang tatanungin. Wala kaming problema sa kanila. Upo po muna tayo," sabi ng AP.

Naupo kami ni Mommy Audra nang magkaharap sa desk ni AP.

Nginitian ako ni Mommy Audra. “Ang sa akin lang… `wag mo sanang mamasamain, Charley.”

Maasim ang ngiti ko sigurado ako. Kapag mga ganoon ang linyahan, tiyak na tiyak, mamasamain mo.

“Ano ba `yon? May nabanggit na sa `kin si Lacey. Na-offend ka raw sa chat niya kay Dylan?” `kako.

Tumango si Mommy Audra. “Kami ni Dylan, we’re so close talaga. Siguro kasi single mom ako. Hindi ako kasal sa father niya kaya magkaiba kami ng last name. Pero sobrang close kami, wala kaming sekreto sa isa’t isa, at naiintindihan ko naman kung bakit hindi `yon naiintindihan ng ibang tao.

All rights reserved

Para sa ibang tao, weird kami or something, kasi parang magkaibigan lang kami ni Dylan.

"No'ng makita ko ang convo nila ni Lacey, nasaktan ako." Tinutop niya ang dibdib. "Kahit sino naman sigurong nanay, masasaktan. Sa akin, doble, kasi hindi alam ni Lacey `yong level ng closeness namin ni Dylan. Parang... na-judge ako, `di ba? Na kesyo wala akong respeto kay Dylan, na hindi normal `yong lahat inaalam ko. But that's not the case kasi. Alam ko lahat tungkol kay Dylan kasi siya mismo ang nagkukuwento sa `kin ng lahat-lahat. `Tapos, parang ina-advise pa niya si Dylan na mag-reason out, mag-establish ng space niya. I mean, binibigyan ko ng space si Dylan pero

siya mismo, gusto niya, pareho kami ng space. Alam mo `yon? I admit, mama's boy siya, pero wala naman kaming problema dun. Ito nga lang nangyari, na-offend ako talaga."

Tatango-tango ako.

"Ito `yong screenshots ng convo nila," sabi pa ni Mommy Audra, ipinakita sa akin ang pictures. Binasa ko.

Well, kung hindi ko kilala si Lacey, iisipin ko nga na napakamahadera niya. Bastos. Bad influence.

TALK TO HER ABOUT SPACE, SHE'S TOO NOSY IMO, sabi ni Lacey.

SHES MY MOM. MOMS ARE LIKE THAT, sagot ni Dylan.

NOT REALLY, sabi ni Lacey.

Emoji na nagtataka ang sagot ni

All rights reserved

Dylan.

SHE DOESN'T ACT LIKE A MOM.

Tumigil na akong magbasa.

"Well?" sabi ni Mommy Audra.

"It's two teenagers chatting. I get it na offensive para sa `yo ang mga sinabi ni Lacey d'yan, pero kasi hindi mo rin siya kilala. She speaks her mind all the time. I encourage that. Kahit sino ang masaktan, maski ako, ang mahalaga, speak up. Kung mali siya, she will apologize."

"Well, she's wrong," sabi ni Mommy Audra.

"Is she?" hamon ko. Wala pa akong kain, remember? Nag-aapoy pa ang anxiety sa sikmura ko. Kaya kong manabunot ng supermodel mommy. "Did your son show you that convo or

All rights reserved

did you open it yourself?"

"I told you, we're close," giit ng enemy mommy.

"You didn't answer my question and that's an answer in itself," sabi ko. Binalingan ko ang AP. "Ma'am, gaya ng sabi mo, kilala mo si Lacey. She's a good student. She's a good person."

Tumango ang AP.

Nagpatuloy ako. "I don't think Lacey should be punished or made to apologize for saying something in private..." Idiniin ko ang "private." "...to a classmate and friend. As I see it, the conversation is perfectly normal for kids their age. Sa isip nila, parents ang kontrabida kadalasan. Ganun talaga. Ang payo ng psychologists, `wag personalin ng magulang ang mga angst

at tantrums. Wala namang sinabi ang anak ko na sunugin ni Dylan ang bahay nila o whatever. Hindi rin siya nagmura—"

"It's offensive!" sigaw ni Enemy Mommy.

"Hindi ka mao-offend kung hindi mo binuksan ang Messenger ng anak mo. Kahit gaano pa kayo ka-close, ang Messenger, sulat ang katumbas n'yan. Hindi mo bubuksan ang sulat na para sa anak mo. Kung gagayahin kita at bubuksan ko lahat ng convo ng anak ko, for sure, may makikita rin ako na nakaka-offend. But I don't do that. I don't have to know everything."

"You have to be vigilant as a parent, hindi po ba, ma'am?" Luminga sa AP si Enemy Mommy, naghahanap ng

kakampi. *Lakompake*.

"Yes, I am vigilant. Mahigpit ang rules ko kay Lacey. Pero ang vigilance, hindi synonym ng intrusive." At hinarap ko uli ang AP. "Mahal ko ang school na ito, ma'am. Dito rin ako nag-high school, pero magdedemanda ako kapag nalaman-laman kong pinarusahan n'yo si Lacey dahil sa isyu na `to. Hindi rin siya dapat mag-apologize. Si Mommy Audra ang dapat mag-sorry sa mga bata dahil pinakialaman niya ang pribadong usapan ng dalawa."

"I was hoping na mapapag-usapan natin ito nang maayos at magkakaroon ng kasunduan," sabi ng AP.

"Malabo `yan, ma'am," `kako. "Clearly, gusto ni Mommy Audra na

All rights reserved

maparusahan si Lacey at humingi ng tawad sa kanya. I can't allow that. I'm sorry."

"Gusto ko rin na layuan ng anak mo si Dylan," sabi ni Enemy Mommy. "She's a bad influence."

"Okay, fine. Sasabihin ko kay Lacey. And FYI, accusing my daughter of being bad is defamation. I can sue you for that." Tumindig na ako. "Magandang araw po, ma'am. Tuloy na po kami." At lumabas ako na feeling pag-aari ang Supreme Court.

# *Chapter 3*

ALAS-SINGKO ng hapon tumawag ang Neuro. Kampante na ako by that time. Naisip ko kasi, kung may issue sa utak ni Goyo, tatawag agad ang doktor, pababalikin kami sa opisina niya para mabigyan ng iba pang tests si Goyo. Wala naman sigurong brain doctor na ipagpapaliban i-discuss ang resulta ng test kung pangit ang resulta, unless nasagasaan si Doc at na-comatose. *Knock on wood.*

Pero siyempre, makapigil-hininga

All rights reserved

pa rin nang makita kong siya ang caller.

"Hello?" Ang lakas ng boses ko habang busy ang middle finger ko sa taingang-daga ng hinlalaki ko sa kanang kamay. Hawak ko sa kaliwa ang selpon.

"Mommy Charley..." Upbeat ang tono ni Doc, and I liked that people now call me Mommy Charley. May definition na ako. So what kung mommy iyon at hindi attorney, or doktor, or teacher, or philanthropist? I was digressing because I was anxious AF.

"Ano po resulta?" tanong ko, busy pa rin sa kakakutkot ng hangnail.

"Mm, okay naman. Walang problema si Goyo. Normal naman."

Nabunutan ako ng tinik na sinlaki ng pako sa Krus ni Jesus.

All rights reserved

"Thank God. Kailangan pa po naming bumalik sa clinic?"

"No need. Patuloy mo lang i-observe si Goyo. Kung may unusual, call me. Okay?"

"Okay po. Thank you, Doc."

Ang anxiety ko ay napalitan ng inis dahil pinagastos ako ng kinse mil sa CT scan ng lintik na Neuro. On the other hand, kailangan naman talagang ma-rule out na walang issue sa physical brain ni Goyo, at nalaman kong wala, aleluya! I felt like celebrating.

*I will celebrate*.

Tiningnan ko ang kanan kong hinlalaki. Namumula ang gilid at nakatikwas na ang taingang-daga. Eh, di, hilahin.

"Aaaawwww!" sigaw ko. Duguan

ang hinlalaki ko. *Juskoh*, parang hanggang kilikili ko ang natalupan. Parang tali sa sako ng bigas na kapag hinila mo ang dulo, dere-deretso na. Parang sinulid na nakalas sa mga panty na kapag hinila mo, ubos ang panty mo.

"Ate?" usyuso agad ni Mona.

"Magbihis ka, sa labas tayo kakain." Kandasipsip ako ng hinlalaki. "Bilis na." Nagpunta ako sa banyo para hugasan ang sugat ko. Praning din ako sa tetanus. Binuhusan ko ng Betadine pagkahugas ko, pinatuyo, at nilagyan ng zinc ointment. Lintik na hangnail.

Nag-chat ako kay Lacey. SA TAIWANESE TAYO KAKAIN. OTW NA KAMI. SEE U THERE.

Alam na ni Lacey kung saan iyong Taiwanese. Hindi ko matandaan ang

totoong pangalan pero paborito namin ni Lacey doon. Taiwanese ang food. Chinese din pero hindi kasingtapang ang mga amoy, hindi kasing-alat. Hindi nakakaumay.

Pinaltan ko ang daster ko ng technically ay daster din. Sleeveless na shapeless long dress, kulay kalawang. Nagsusuot ako ng sandals nang tumawag si Lacey.

"Pick me up at the gate," sabi.

"Lakad na dun, `intayin mo kami. Bawal tumigil dun nang matagal," sabi ko.

Binihisan ko si Goyo ng Ronaldo jersey. Iyong dilaw na dilaw at asul ang name and number. Ronaldo 7.

"E-loh mah-mah, e-loh!" sabi ni Boy Henyo, inuusyuso ang damit niya.

All rights reserved

"Yes, baby, yellow. Ganda `no?"

"Nnndah!" Yumugyog at pumalakpak si Boy Henyo.

6:15 ng gabi, nasa Taiwanese resto na kami. Sa Capitolio iyon. Warehouse lang na ginayakan ng mga Chinese lantern at halaman sa loob. May mga pulang tela sa kisame at dim ang lighting. Umorder kami ng mga dim sum, family size noodle soup, fried rice, sweet n sour pork strips, kalahating fried manok, at camote balls.

"What are we celebrating?" tanong ni Lacey. Kapag may ise-celebrate lang kami kumakain sa labas.

Sinabi ko.

"He what?!" bulalas ni Lacey.

I nodded. "Sorry, hindi ko sinabi. Sobrang nerbiyos ko kasi, doble ang

All rights reserved

ipag-aalala mo. Ako at si Goyo."

"He's okay? You're sure?"

"Oo daw, sabi ng Neuro. Normal."

"You should have told me, I can handle it," sabi ni Lacey. Sinubuan ng pinirasong camote ball si Goyo na nasa highchair.

"I know you can handle it. I just didn't want to give you additional thing to handle," `kako.

"Still..."

"Okay, sorry."

"I won't tutor Dylan anymore. Kaya nga maaga akong lumabas," sumbong naman ni Stepdaughter.

"Pinagbawalan ka o kusa siyang tumiwalag sa `yo?"

"Both. After your meeting, I saw him arguing with his mom. After that,

All rights reserved

iniwasan na `ko. Then sabi ni Miss, hindi na raw ako magtu-tutor kay Dylan." Kumuha si Lacey ng noodle soup. "I can't believe that woman's his mom."

"Ako rin."

"She's... I don't know."

"Sobrang ganda," `kako.

"Not really. I mean, she looks pretty but she's not."

"Sinabi mo, eh."

"She's a fake," sabi pa ni Lacey. "She always watches Dylan's games. Sometimes, even at practice, she's there, like Dylan's a toddler. She brings food for the team, and she likes it when the team jokes with her, like she doesn't know they're patronizing her. She's embarrassing. Dylan got into a fight one

time because of her."

"So, paano natin matutulungan si Dylan?" Alam ko naman na iyon ang gustong gawin ni Lacey.

"I don't know. He's stupid," aniya, sabay simangot. "I'll help him if he wants my help, but that's the point. He must want my help."

"Ano naman ang say ni John sa mga bagay-bagay?" Mas gusto kong maging manugang si John balang-araw. Henyo rin iyon, makaka-relate kay Goyo.

"He's busy. He's going to Singapore to compete."

"Math ulit?"

Tumango si Lacey. "Minsan ko lang makausap `yon ngayon."

Ah. Kaya pala nabaling ang atensiyon kay Dylan, the Mama's Boy.

All rights reserved

"Speaking of math, alam mo ba ginawa ng kapatid mo kanina?" `kako.

"What?" Napangiti si Lacey.

Ikinuwento ko ang calculator issue.

"He opened your phone?!" bulalas ni Lacey.

"Alam niya na kailangan lang itapat sa mukha ko. Palitan mo na `yon." Ibinigay ko ang selpon ko. "Gawin mo na lang fingerprint." Ayaw ko pa rin ng password mismo at bukod sa makakalimutin ako, malituhin ako sa mga numero.

Dinutdot ni Lacey ang selpon ko, nagsunod-sunod naman ang notifs sa selpon niya. Nag-multitask bigla si Stepdaughter. Kaliwa at kanan ang cell phones, sa gitna ang dinner.

Then she gasped. "What the fuck?"

“Bakit?” dukwang ko sa kanya.

“Gretch is dead,” ani Lacey, nanlalaki ang mga mata.

“Gretch da Bitch?”

“She can’t be dead. This is wrong.” Mabilis siyang nag-type sa selpon niya. “This can’t be true… no, no, no…” At umiyak na si Stepdaughter. Si Mona ang katabi kaya kay Mona siya yumakap. “It’s awful! Why?”

“Ano raw ang `kinamatay?”

“They don’t know yet… she dropped dead.”

“Stroke? Heart attack?” `kako.

“She’s twenty-one, Charley.”

“Kahit na. Maraming kabataan ngayon ang nai-stroke. Kakaselpon. Laging puyat. Nalilipasan ng gutom o kaya inom nang inom ng energy drinks.

Mahilig ba si Gretchen dun?"

"I don't know... She's a health buff. She's always making smoothies in her vlog."

"Baka naman hindi na kumakain ng solid food, panay smoothie na lang."

"I don't know. It's awful. How can she be dead? She's only twenty-one! I don't like her but... no, sometimes, I like her. She's not supposed to die..." iyak na naman si Lacey. Kandaalo si Mona habang ngumangasab ng hita ng manok.

"Baka nakulam," sabi ni Yaya Simona.

"Patay agad?" `kako. "Grabe namang mangkukulam `yon, hindi man lang butlig-butlig muna." Truth be told, nayanig din ako sa balita. Alam ko

kung gaano kaarte at kamahadera ang Gretchen na iyon dahil sa mga kuwento ni Lacey. At the same time, alam ko rin na may utang-na-loob ako sa batang iyon. Iniligtas niya ang buhay ni Lacey. At ni John. Kine-claim ng dalawa na kahit hindi dumating si Gretchen noon sa apartment niyong Alyas Harpy, kayang-kaya pa rin nilang makaligtas.

Maybe. Pero grateful ako na biglang sumulpot doon si Gretchen. *May her soul rest in peace*.

"Saan daw ang burol?" tanong ko. May utang-na-loob man ako o wala, heartbreaking pa rin ang pagkawala ni Gretchen. Gaya ng sabi ni Lacey, the girl was too young to die. Gusto kong makausap ang magulang, makapag-offer man lang ng pakikiramay.

"I don't know," ungot ni Lacey.

By bill out time, nadagdagan na ang infos ni Lacey re: Gretchen's untimely demise.

Nasa health and wellness seminar daw si Gretchen nang biglang matumba at DOA na sa ospital. Ayon daw sa mga saksi, wala namang kakaiba kay Gretchen. Masigla, friendly, panay ang kuha ng video at pictures. Ang sabi naman ng mga kasama ni Gretchen sa mesa, uminom lang daw sa tumbler, `tapos natumba na. Pinaiimbestigahan na raw ng mga magulang ni Gretchen kung ano ang nasa tumbler. And yes, ipapa-autopsy ang labî.

All rights reserved

# *Chapter 4*

Two weeks later

HETO *ako-oh, basang-basa sa ulan*... Not quite. Malakas ang ulan pero hindi ako basang-sisiw dito sa Alabang. May suot akong pink rain jacket sa ibabaw ng soft denim skirt at Hardrock Café T-shirt—*I'm so retro*. Pagkababaa ko ng sasakyan, nagtatakbo na ako papunta sa entrance ng hotel. Ang hirap nang nag-iisa, walang taga-park. Kung may kasama ako, hindi ako mukhang tanga na

All rights reserved

kakandi-kandirit sa gilid ng building. Ayokong maputikan ang sneakers na pahiram ni Stepdaughter.

Nakarating ako sa entrance ng Sparrow. Why name a hotel after a bird was beyond me. Three-star diumano ang Sparrow, magaganda naman ang reviews. Pero pake ko ba? Hindi naman ako matutulog doon.

“Good morning, ma’am,” bati ng guardia civil.

Kinalkal ko ang aking bubble tote. Nang makuha ko ang selpon ko, iyon naman ang kinalkal ko. Ipinakita ko sa guardia civil ang digital invitation. Fifth floor daw, itinuro sa akin ang gawi ng elevator. Sa loob ng elevator ko hinubad at ipinagpag ang kapote ko. Bumukas ang pinto.

All rights reserved

Lobby. May dalawang set ng mga sofa, ang isa ay L-shaped, ang isa ay deretso lang. Along the glass wall overlooking Alabang skyline na kasalukuyang inuulan, may minimalist long table. May mga empleyadong nakaupo, nakaharap sa kanya-kanyang computer monitor. Sa isang tabi, may stand kung saan naka-display ang mga events. Nasa Main Hall B ang event ko.

Linga-linga. Sa dako pa roon, may arrow: TO MAIN HALL B. Lakad-lakad sa blue gray na carpet.

Tumambad sa akin ang hindi naman kalakihang bulwagan. May stage sa unahan na may powerpoint eme. May mga mesang bilog na green and white ang cover. Artificial topiary ang centerpieces. May name plate sa bawat

All rights reserved

plato.

Sa table five ako ayon sa online imbitasyon. Nasa kaliwa ng stage ang table five, katabi ng haligi. Animan ang mesa at may tatlo nang desperate hustlers na nakapuwesto. Pang-apat ako pero nagduda pa ako dahil Caroline ang nakalagay sa name plate. Oo nga pala, hindi nila alam ang nickname ko dahil hindi naman nila ako kilala at hindi ko rin sila kilala. Online ako nag-fill out ng application para maimbitahan sa once-in-a-lifetime event eme.

"*Please, please, please, Charley,*" pakiusap ni Lacey the other night. "*It's not naman Zumba or anything.*"

Yup. Hindi naman nga Zumba. Pagtitipon lang ng mga unicorn.

Ang tatlong babae kong ka-table, iisa ang aura. Ahente-ng-anik-anik aura. Kuntodo alahas; rejuv face—pulang-pula; ni-rebond na buhok; manicure na pinaliguan ng mertayolet. For sure, ganoon din ang pedicure pero wala akong balak silipin sa ilalim.

“Hi,” bati ko sa kanila. Dibdiban na ang tsikahan nila pagdating ko kaya malamang, magkakakilala talaga sila. Malamang umarkila ng sasakyan o kaya ay nag-car pool papunta doon.

“Hi,” bati rin nila sa akin. “Sino nag-invite sa `yo?” tanong ng isa, iyong maiksi ang rebonded hair at pinaka-flat sa lahat.

“Online ako,” `kako.

“Ah,” tango niya. Magkaharap kami kaya hindi ko kita ang nakasulat sa

name plate. “May starter pack ka na?”

“Wala pa.”

Sumabad ang katabi ng kausap ko. “First time mo ba um-attend?”

Tumango ako.

“Ano’ng name mo?”

“Caroline.” Iniharap ko sa kanila ang name plate. “Caroline Young.”

“Ano’ng work mo?”

“Wala. Bahay lang.”

“Good, bagay na bagay sa `yo `to. Kikita ka kahit wala kang ginagawa.”

“Marami akong ginagawa,” `kako.

“I mean, kahit nasa bahay lang. Ano work ng mister mo?”

“Biyuda ako.”

“Oh, condolence. Pero ibig sabihin, mas kailangan mo `to. Ilan ang anak mo?”

"Dalawa. High school at isang baby," sagot ko. *Maybe I'm a psycho*. Aliw na aliw akong pasakayin ang... ano ba magandang itawag sa tatlong babaeng ito? Mga Ahente ng Bahaghari? Usap Tayo Squad? Gusto Mong Yumaman Gang?

"Ganyan din `yong pinsan ko," sabi ng ni-rebond pero kulot ang roots sa mga kasama for my benefit. "Maagang nabiyuda, nabangga ang motor ng asawa. Walang-wala no'ng maiwan, tatlo ang anak. Nag-Avon, nag-Natasha, HerbaLife, kung anu-ano na, pero dito lang siya sa NHS sin'werte. Dalawa na ang sasakyan ngayon. Isang Fortuner, isang Honda Civic. Hulaan mo kung nasaan ngayon?"

"Nasaan?" tanong ng katabi, iyong

ni-rebond at kinulayan, ang resulta ay dry.

"Nasa Japan, namamasyal ang mag-iina. Nakabili na rin ng bahay sa Camella. Panay travel na lang nga."

Napangiti ako.

Akala nila, impressed ako sa kuwento. "Kayang-kaya mo rin `yon, Caroline. `Yong pinsan ko, hindi naman maalam mag-sales talk `yon, pero desidido siya, natutunan niya. Saka puwede ka namang magpa-coach kung gusto mo. All out kasi ang support dito sa NHS, hindi kagaya sa iba, `pag kumuha ka ng products, bahala ka na."

Nakangiti ako dahil naisip ko na ang perfect name sa kanilang tatlo: Golden Goose Gang.

"Sana nga," `kako. "Ang hirap nang

All rights reserved

walang asawa." Walang taga-park ng sasakyan.

"Sabihin mo sa `kin `pag kukuha ka ng package, iga-guide kita kung paano mo ibebenta," sabi ng ni-rebond na flat.

"Sige," `kako. "Matagal na kayo nag-e-NHS?" tanong ko naman.

Kanya-kanya silang bida ng NHS sakses story.

NHS stood for Nexus Health & Sciences. Obviously, isa siyang multi-level marketing entity. Nagbebenta ng health supplements, beauty, & household products. Nunca akong a-attend ng ganitong meeting slash seminar kung hindi naglumuhod sa akin si Lacey.

Sa kaparehong event na ganito ng NHS namatay si Gretchen. Sa Capitolio

ginanap ang event. Sa buong bansa yata may pa-event ang NHS. Tapos na iyong sa Capitolio kaya nandito ako sa Alabang, nagpapanggap na desperate biyuda na nangangailangan ng cash infusion.

Naniniwala si Stepdaughter na may kinalaman itong NHS sa sinapit ni Gretchen. Mahigpit daw ang kompetensiya ng mga agents, baka may nainggit kay Gretchen, or nagalit dahil kagalit-galit naman ang attitude ni Gretchen kadalasan. But she was also young and beautiful and sexy. Kainggit-inggit naman nga iyon.

"*Sa Capitolio nangyari. De kung may naiingiit kay Gretchen, taga-Capitolio rin. Ba't ako pupunta sa Alabang?*" argumento ko noong isang gabi.

All rights reserved

*"Because the core people attend all the meetings. Kaya nga hindi sabay-sabay. The invitees will be different people but the main gang, they'll be there."*

So here I was, kunwari ay constipated at interesado sa FibreBoost weight-loss powder.

"Utot ako nang utot pagkainom ko n'on," bida ng ni-rebond pero kulot. "Tinatawanan na ako ng mga anak ko. Pero kinabukasan, pag-upo ko sa trono, sakses! Laking ginhawa ng pakiramdam ko, ang gaan at lumiit talaga ang t'yan ko."

Tiningnan ko ang tiyan niya. Malaki pa rin. Baka naman doble ang before.

"`Pag kumakain ako ng kamote, ganyan din ang effect," `kako. Mahirap talagang magpanggap.

Pero handa ang Golden Goose Gang; may sagot. "Ang mahirap kasi sa kamote, ipe-prepare mo pa. Minsan, may uang pa. Itong FibreBoost, ilalagay mo lang sa tubig. Puwedeng malamig, puwedeng mainit. Masarap pa."

"Sabagay," sagot ko. *I stand corrected. Char.*

Dahil nakakaaaliw namang makipag-utuan, hindi ko namalayan na napuno na ang mga mesa… almost. Umalingawngaw ang feedback ng mic, umalingawngaw ang bunganga ng emcee.

"Gooooooood afternoooooon sa ating lahat! Handa na ba kayong yumaman?"

Napahagalpak ako.

Nagpalakpakan at sigawan ng "yes" ang lahat.

All rights reserved

May isang boses na nangibabaw sa lahat ang katinisan. Hinanap ko ang pinagmulan.

And there she was, sa likod ng mesa sa ibaba ng stage. Iyong patungan ng mga laptop at anik-anik para sa powerpoint. Nakatayo doon si Bebe Gurl, pumapalakpak. Bulaklakin ang bestida na walang likod.

*Chinat* ko agad si Ben. ABORT! ABORT! NAND2 EX MO!

May usapan kasi kami. Alam niyang pupunta ako sa Alabang, magkita raw kami. Dinner, ganern. Susunduin niya ako sa Sparrow pagkatapos ng event, `tapos ay ihahatid uli ako doon after dinner. Para kaming mga tanga na imbes na magkita na lang sa resto since pareho naman kaming may sasakyan,

magsusunduan pa at maghahatiran.

Simple reason: Hindi ako sanay magmaneho sa Alabang. Kapag pinakawalan mo ako doon, sa ibang dimension na ako pupulutin. Thirty minutes akong naligaw kanina, actually. Panis ang WAZE sa masalimuot kong directional logic.

Pero ngayon, mukhang mapipilitan na naman akong makipagsapalaran.

Sumagot naman agad si Ben. DALA MO TASER?

# *Chapter 5*

BABY pink ang taser ko. Regalo ni Ben noong nalaman na na-taser ako ni Jeffrey Olsen. Dalawa ang dala-dala sa bahay kaya tuwang-tuwa ako. Tig-isa kami ni Lacey. Best gift ever. Lagi kong dala-dala ang sa akin, kasing-importante ng Jisulife na regalo naman ni Andres. Best gift din iyon, aba. Huwag lang sana akong magkakamali ng dukot kapag kailangan.

Should I? You know, make dukot the taser?

All rights reserved

Pinagbantaan kasi ako ni Sage three months ago, noong nakipag-break sa kanya for the nth time si Ben. Oh, yes, hindi effective kay Sage ang own medicine, kinompronta si Ben tungkol doon. Nagkataong nasa bahay ko si Ben, nakikikain. Alam naman daw ni Sage ang ginagawa ni Ben, and it was not funny, and why was he always in my house? Blah-blah-blah.

Ang sabi ni Ben, siguro daw mas mainam na maghiwalay na sila. The relationship was not working. They both needed space away from one another. All in very diplomatic manner because bebe gurl Sage could be volatile. Ang problema lang sa diplomasya, since umiiwas kang gumamit ng masasakit na salita, para ka lang nagpapaasa.

Effective ang diplomasya kung WWIII ang iniiwasan mong mangyari. Pero kung jowa na kagaya ni Sage, *good luck*.

Natapos ang komprontasyon sa, "*Hindi pa tayo tapos, Ben! I know you love me! You're just lost and confused because of that bitch!*" Ako daw ang bitch. Sinigawan ako ng, "*I'm gonna getcha for this, Charley! I'm gonna getcha!*"

"Alam ko, sasabihin ng marami, 'hindi ako magaling sa sales' o, kaya 'mahiyain ako'. But you know what? Those are just excuses. Excuses, people! May kasabihan nga, `di ba? `Pag gusto, may paraan. `Pag ayaw, may?" Itinapat ng lalaking speaker ang mic sa audience.

"Dahiilan!" koro ng madlang pipol.

"Dahilan, yes. Maraming dahilan or

All rights reserved

excuses kapag ayaw gawin. Kapag tinatamad. Ang excuses, para lang sa mga tamad `yan, hindi ba? Ang totoo n'yan, lahat naman tayo may kakayahang magbenta. Saan ba nagsisimula ang pagbebenta? Hindi ba sa pag-aalok? Lahat naman tayo nag-aalok sa mga pamilya natin, kapitbahay, katrabaho, kaibigan. Oy, gusto mo ng mani? Mare, gusto mo ng adobo? Hindi ba, lahat tayo, nagawa na `yan one time or another?

"Sasabihin n'yo, iba naman `yong adobo. Wala namang tumatanggi sa adobo. Pero ang health products, mahirap ibenta. Yes, sa umpisa, mangangapa ka. Pero kaya nga tayo nandito, hindi ba? Inimbitahan namin kayo dito para turuan kayo o gabayan sa

kung paano ninyo ia-approach ang mga customer. Nandito tayo para kilalanin natin ang mga produkto ng Nexus. Anu-ano ang mga benepisyo sa kalusugan natin at kung paano tayo matutulungan ng Nexus na makamit iyong tinatawag nating financial freedom…"

Naligaw nga yata ako at napadpad sa multiverse of madness, kung saan ang gaslighting at pambobola ay allowed and accepted. Tiningnan ko ang fellow attendees. Rapt sila sa pakikinig, patango-tango. Interesado talaga sila? Naniniwala sila sa mission-vision eme ng Nexus? Ang makakamit daw namin sa NHS ay:

Total wellness.

Financial freedom.

Personal growth.

Very vague na mga claim. Para lang akong dumalo sa rally ng politiko. Gusto ko nang i-taser ang speaker. Manong na chaka, pagkaporma. Naka-Lacoste, naka-Levi's, naka-Nike. Ginintuan ang relos. Nakalawit sa bulsa ang key fob ng kotse, hawak sa isang kamay ang iPhone whatever.

Hindi ko na matagalan na marinig ang pinagsasasabi ng manong kaya lumabas muna ako at tumambay sa lobby. Bakit ba ako nagpauto kay Lacey? Kasi nga may kasabihan: `Pag ayaw, may dahilan. `Pag gusto, may paraan.

Gusto ko ring malaman ang ganap sa Nexus dahil baka nga tama si Lacey na ang cause of death ni Gretchen ay over consumption ng Nexus weight loss powder. Kagaya niyong naunang kaso

All rights reserved

na nahukay ni Lacey sa Internet.

Pero paano namin iyon mapapatunayan? Kahit ipa-test ko ang powder na iyon, sigurado ako, pareho lang ang ingredients niyon sa ibang weight-loss products ng ibang kompanya. Aprubado naman daw ng FDA ang Nexus products. Kaya safe na safe, sabi ni Manong Speaker. Ang hindi niya sinabi o niliwanag sa gullible audience, iyong mga kina-claim niyang FDA approved ay iyon lang mga sangkap tulad ng turmeric, moringa, fish oil, vitamin C. *Maryosep*. Kaya namamayagpag itong mga MLM company na ito, mahuhusay magpalusot.

*And people, sadly, are gullible*.

Nilagay lang ang picture ng scientist

All rights reserved

sa tabi ng product, scientifically proven na raw. Wala namang duda na lokohan ang mga MLM, pero good luck sa may gustong bumuwag, tulad namin ni Lacey. Na-dismiss naman daw iyong unang kaso na isinampa ng pamilya no'ng unang namatay sa pag-inom diumano ng weight-loss powder. Kasi nga naman, kasalanan ba ng Nexus kung minaya't maya ng namatay ang pag-inom? May instruction nga naman.

Kaloka.

Hindi ko na alam kung ano ang maa-achieve ko dito. Pero at least, napagbigyan ko si Lacey. Nagbasa na lang muna ako ng baon kong paperback. Mas nakakalibang namang di hamak ang serial killer na tinatanggalan ng mukha ang biktima—

as in, face-off—habang buhay pa. Oooh-la-la. Ewww. Ouch.

After three chapters, bumalik ako sa seminar.

“Charley!”

Nag-panic ako. Dumukot agad ako sa bag. Nasaan ang taser?

“Who would have thought I’d see you here?” sabi pa ni Sage, kasalubong ko sa entrance ng main hall B.

“Ah, hi, Sage. Hmm, curious lang. Gusto ko ng sideline,” `kako.

“Sideline? Oh, you mean, side hustle.”

Ano ang problema sa “sideline”? Offensive na rin at tinanggal na sa dictionary? Bakit ako na mas matagal na sa mundo ang nangangapa ngayon?

“Oo, ganun,” sagot ko na lang.

"Nagne-Nexus ka din pala?"

"Oh, yes. Look, I know I was kind of mean to you..."

"It's okay. I understand." The small voice inside my head said, *Uh-oh, be careful*. Why was Sage being nice to me?

"Thank you. Can we talk?" Super friendly ang ngiti ni Sage, nakaka-panic talaga.

"T-Talk?"

"Yes, I can help you start your Nexus career. You're perfect, Charley. Come with me." Hinawakan ako sa siko at iginiya sa isang bakanteng mesa, pinaupo ako. Mula sa ilalim ng mesa, may kinuha siyang Nexus bag at folder. "Look at these babies," sabi. "You're what? Forty-nine?"

"Forty-three."

All rights reserved

“Oh, really? I thought… uh, sorry. And you just had a baby.”

“Almost one year na.”

“Yeah, yeah, but I’m sure you struggle with hormonal imbalance.”

“Uh-huh.”

“These are perfect for you.” At ipinrisinta sa akin ang entire collection ng Nexus health and beauty boosters. “Chlorophyll tablets.”

“Dahil masama akong damo?” `kako.

Sage giggled. “It helps fight different cancers, you know.”

“Sa lab rats.”

“No, it’s proven. And here’s the Elixir-Bio. I’m taking this, look at my skin.”

Inaninag ko ang mukha niya.

All rights reserved

"Nice."

"Yes, because of Elixir-Bio. It has collagen, fish oil, enzymes that help my digestion. Good digestion means good skin kasi. Mawawala `yong fine lines mo d'yan, saka magta-tighten ang skin mo."

In other words, madami akong fine lines at hindi ako tight. *I'm ugly* AF. Bigla gusto kong sabihin na may date kami ni Ben. Panis ang chlorophyll eme ni Sage sa appeal ko. Char.

Dinampot ko ang isang tube na plastic. "Ano naman `to?"

"That's Miracle Face gel."

Natawa ako. "Miracle talaga?" Sino kaya nag-iisip ng product names para sa mga MLM? That would be the best job ever, kung ako ang tatanungin.

"Because it would look like a miracle happened. Overnight."

"Really? Puwede i-try?" Umakma akong bubuksan ang takip.

Pinigil ako ni Sage. "No, sorry. That's new kasi. I'll give you sample later na lang, they're in the car kasi."

"Oh, okay. Um, matagal ka na ba sa Nexus? Ano na rank mo?" May ranking ang mga members dahil nga pyramid rin ang MLMs. Nakakalusot lang dahil may mga ibinebentang produkto, unlike the typical pyramid schemes. But like those, mayroon ding triangle ang MLMS. May mga nasa top, kulelat ang nasa bottom.

"Yeah, almost a year. I'm a Ruby na."

Sa mga precious gems kinuha ang ranking ng Nexus. Ang nasa topmost,

All rights reserved

Diamonds. Then, Rubies. Sapphires. Nasa ilalim ang mga Emeralds, iyong mga nagsisimula pa lang.

“Wow,” `kako.

“Yes, it’s so mabilis kasi mag-level up. Um, I need you to sign these.” Inihain niya sa akin ang folder.

“Ano `yan?” Sinong tanga ang basta-basta pipirma sa kung ano?

“It’s the contract.”

“Ng?”

“For your distributorship.”

“Distributorship?!”

Naglabas ng ball pen ang hitad. “Just sign there and you’ll get all these products.”

“Can I read first?”

“Sure.”

Nagbasa ako kunwari. “Sage?”

All rights reserved

“Hmm?”

“Kilala mo ba si Gretchen? Ruby rin siya.”

“Oh!” Natutop niya ang bibig. “Poor Gretch.”

“So, kilala mo?”

“Yeah, we kind of started together. We have a GC, we share customers, tips, she was so sweet. How did you know her? Oh, wait, she’s from Castillas also.”

Tumango ako. “Yup. Nabalitaan ko lang. Tingin mo, ano `kinamatay niya?”

“I don’t know. Maybe she had, you know, some kind of illness. Because when we were in the ladies room, she mentioned she’s kind of nauseous, so we went to the coffee station. Then I saw someone I knew, I went over. It’s awful,

All rights reserved

what happened to her. I miss her."

"Oo nga. Napakabata pa. So, nandun ka mismo sa Capitolio seminar no'ng mangyari `yon?"

"Yeah," matipid na sagot ni Sage. "She was so happy and excited because she was gonna get a gift."

"Ano'ng gift?"

"I think it's a free-stay in a hotel in Boracay. She met her quota kasi. If that happened, Nexus gives you gifts like that."

"Nakita mo kung paano natumba si Gretchen?"

"Not really, kasi nga I left her sa coffee station. But I ran to her as soon as I realized what was going on. She couldn't breathe, oh, it's terrible and she saw me. She grabbed my hand, told

All rights reserved

me to...”

“What? Ano’ng sabi?”

Mahinang-mahina ang boses ni Sage. “Fuck off, bitch.”

Bago pa ako nakapagtanong kung iyon ba ang sinabi ni Gretchen o ako ang sinasabihan, napalinga ako sa stage dahil sa tinawag na new speaker.

“Miss Audra Abesamis!”

Nagpalakpakan ang lahat.

Napanganga ako. Napatingin ako kay Sage, pagkatapos ay sa stage uli.

*Double-trouble*.

Anong dimension itong nasuotan ko?

Kandapalakpak din si Sage. “Oh, MG! She’s sooo lovely!” Akala mo ay si Nicole Kidman ang nakita... Baka hindi niya kilala si Nicole Kidman. Come to

All rights reserved

think of it, ilang taon na ba itong si Sage? Sabi ni Ben, twenty-seven na raw, mukha lang grade three. Totoo ba iyon o pedo lang si Ben? Um, wait… ako yata ang pedo?

All rights reserved

# Rose Tan Books

***Skip Chronicles***

Hot and Bothered

Fast and Curious

Dazed and Confused

Bride in a Box (Volume 2)

***Cheatin' Charley Cougar Mystery Files:***

Torn Between Two Murders

Just Murdered

Four Better or Worse

Commission Impossible

Song of Lorelei (spin-off)

***Manifestos de las Titas***

Tita Mia!

Freaky Tita

***Binibini Series***

Michiko

All rights reserved

**_Mga Misteryo ng Galak Trilogy_**
**(_Maty Go Mystery_)**
Ang Hiwaga ng Lost and Found
Ang Nawawalang Kaibigan ni Matilde
Ang Lihim na Tagahanga ni Fernando

The Deadly Drafts
**(_Maty Go Mystery_)**

**Stand-alones**
Dead Over Heels
Caught Dead-Handed
Tasya Fantasia
The Hand that Rocks
the Cradle Folds the Laundry
Hexterical
Lies of Summer
My Bumbling Bee
CEO Hires a Wife
Ang Bakla sa Bintana
The Ghost of You & Pipay's Revenge

***Buy books here:***

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

Tiktok.com/WhimsicalBooksPh

***Listen to FREE audiobooks:***

YouTube.com/@AlabStories

***You may download book previews here.***

*Thank you for supporting indie writers!*